For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
**www.philrice.gov.ph | www.pinoyrice.com**

# Okra

Ang okra ay taunang halaman na itinatanim sa halos buong panig ng bansa. Ito ay may malalapad na dahon at dilaw na bulaklak. Ang bunga nito ay mayaman sa bitamina at mineral. Maaari itong ilaga, iihaw o ihalo sa mga paboritong lutuin gaya ng pinakbet, kare-kare, at sinigang.



Ang iba't ibang uri nito ay Lady's Finger, Long Green, Long Ribbed at White Velvet at ang mga uring banyaga ay ang Clemson, Spineless, Emerald, at Perkin Dwarf.

Para sa mas mataas na ani, magtanim sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre sa mababang lugar at sa mga buwan naman ng Mayo hanggang Hulyo sa matataas na lugar.

## PAGPILI NG LUPANG TANIMAN

Pumili ng mataas na lugar na may mapagkukunan ng sapat na tubig. Para sa mas magandang ani, magtanim sa lupang tinatawag na buhanginang galas o lagkitang galas na may asim (pH) na 5.8 hanggang 8.0.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Maglagay ng organic fertilizer o compost bago araruhin ang lugar na pagtataniman. Para sa buhanginang galas na lupa, araruhin at suyurin ito ng isang beses. Gayunpaman, kung ang lupa ay matigas, suyurin ito ng 2 hanggang 3 beses. Gumawa ng tudling na may pagitang 75 sentimetro sa tag-ulan at 100 sentimetro naman sa tag-araw.

## PARAAN NG PAGTATANIM



1. Ihulog ang 2 hanggang 3 buto sa maliit na butas ng mga tudling na may 75 sentimetro hanggang 1 metro ang pagitan.
2. Itanim ang mga buto sa mga tundos na 30 sentimetro at tabunan nang manipis at pinong lupa. Ang 3 hanggang 5 kilong binhi ay sapat na sa bawat ektaryang tataniman.



Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

## PAGSUGPO NG DAMO

Magbungkal at magsablay sa pagitan ng mga tudling 14 na araw pagkatubo ng buto upang makontrol ang pagdami ng damo. Muli itong suyurin 42 araw pagkatubo o pagkaraan ng isang buwan. Magdamo muli kung kinakailangan.

## PAGPAPATABA

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba (kada ektarya) | Panahon ng Pagpapataba | Paraan ng Pagpapataba |
|---|---|---|---|
| Organic fertilizer/ compost | 20 sako | Sa pag-aararo | basal |
| 14-14-14 | 4 na sako | Sa pagtatanim | basal |
| Urea (46-0-0) | 2 sako | 28 araw pagkatanim | sidedress |
| 14-14-14 | 4 na sako | 42 araw pagkatanim | sidedress |
| Foliar fertilizer | Sundin ang nakalagay na pamamaraan ng paggamit nito. | 70,84,98 at 112 araw pagkatanim | mag-spray |

## PAGPAPATUBIG

Kung tuyo ang lupang tinaniman, patubigan ito matapos magtanim. Subalit kapag nagtanim sa mamasamasang lupa, patubigan lamang ito 14 hanggang 21 araw pagkatubo pagkatapos magsablay o mag-araro palabas ng puno.

Kapag tag-araw, patubigan ito 10 hanggang 15 beses o minsan kada isang linggo.



| Insekto | Kontrol |
|---|---|
| Leaf hopper | Fipronil |
| Cotton stainer | Profenophos |

| Sakit | Kontrol |
|---|---|
| 2.5-3.5 | Benomyl |
| Leaf spot | Chlorothalonil, Copper hydroxide |

## PAGKONTROL SA MGA INSEKTO AT SAKIT

## PAG-AANI

Maaari nang anihin ang okra 45 araw pagkatapos maitanim depende sa uri ng binhi. Mag-

**Para sa karagdagang impormasyon, sumulat, bumisita, o tumawag:**
NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER
CLSU Compound, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
0916-508-3569

Inilimbag na may pahintulot ng NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice